***Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 61***

*Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan sa Sardis Yugto 6*

*Sikaping gawin na ang iyong pangalan ay hindi pawiin sa aklat ng buhay*

***''1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. 4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:1-6)***

Si Jesus sa talata 3, sinabi sa simbahan ***''Alalahanin" ''Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo." (Pahayag 3:3)*** Tayo ay magpapatuloy sa mesaheng ito upang pag-aralan at suriin ang Banal Kasulatan kung saan ipinapaalala sa atin ang ating narinig at natanggap, at kung ano ang sinabi ng Dios sa Kanyang Salita at nais Niya na gawin natin para sa Kanya.

***"Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka." (Pahayag 2:5)*** Upang ihanda ang iyong sarili para sa pagparito ni Cristo kailangan mong magsisi sa iyong mga kasalanan, at bumalik upang gawin ang gawain na hiniling sa iyo na makamit para sa Dios. Hinihiling ni Jesus sa kanila na isagawa kung ano ang kanilang natanggap sa kanilang buhay, panghawakan ito at panindigan upang maligtas. Sinasabi Niya sa kanila na magsisi. Ibig sabihin talikuran ang kanilang masasamang landas, kailangang talikuran ang kasalanan at maling gawain. *Alalahanin natin ang ating unang pag-ibig at humayo at gawin ang gawain ng Dios na ating ginagawa noon.*

***Alalahanin:*** Dahil sa hindi sila tapat, hindi nila naalala ang mabubuting bagay na kanilang tinanggap. Hindi nila naalala dahil ayaw nilang bayaran ang magagandang bagay na kanilang tinanggap. Ginagamit nila ang mabubuting bagay ng Dios para sa kanilang sariling mga pakinabang ngunit ayaw nilang magbayad sa Dios at sa mga nagturo sa kanila at nagpakapagal sa kanila.

***''3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka."*** Ipinapaalala sa kanila ni Jesus ang kanilang narinig at tinanggap mula sa pagtuturo. Ipinapaalala Niya sa kanila kung paanong inabot nila sila sa pagtuturo ng Salita ng Dios. Ipinapaalala Niya sa kanila ang pagibig ng Dios na kanilang tinanggap. Ito ang paraan kung paano nila tinanggap at ating tinanggap.

1. ***Sa pamamagitan ng bayan ng Dios at sa mga propeta ng Dios na naghirap upang ipamuhay ang kanilang buhay sa Dios upang itakdang isang halimbawa para sa atin na mabuhay ng kapareho:*** Halimbawa ng mga tao ay sina Noe, Abraham, Isaac, Jacob, Jose,….., Job, Moises, Joshue, Samuel, David, Isaias, Jeremias, Ezekiel, Ezra, Nehemias, ang mga apostoles ni Jesus ng ating Panginoon, Pedro, Santiago, Juan, Pablo, atbp. Ang buhay ng mga taong iyon ang naging inspirasyon sa atin upang sundin ang Dios.

2. ***Sa pamamagitan ni Cristo na nagmula sa langit, siyay nagpakasakit, at sa huli ang kanyang pagpapakasakit at ang kanyang pagpapakahirap sa pagkamatay sa krus para sa ating mga kasalanan.***

3. ***Sa pamamagitan ng mga alagad ni Jesus na umabot sa atin ng evangelio ni Jesus at kung anong hirap ang kanilang dinanas para maabot tayo at mag-evangelio sa atin:*** *Kailangan nating isipin kung gaano sila nagpakapagal upang abutin tayo at sa kadahilanang ito kailangan nating pahalagahan ang kanilang ginawa, at magagawa natin iyon sa pagsunod sa Panginoon at sa Kanyang mga utos. Naalala ko at pinahalagahan ko ang buhay ng tao na umabot sa akin ng mensahe ng Dios.*

Isa sa mga umabot sa iyo sa mga namumuno ng simbahan na inilagay ng Panginoon sa iyo na umabot sa iyo at tumutulong sa iyo na maging handa para sa ikalawang pagparito ni Cristo. ***"Alalahanin ninyo ang nangagkaroon ng pagpupuno sa inyo na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Dios; at sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang pamumuhay, ay inyong tularan ang kanilang pananampalataya." (Hebrew 13:7)***

Ipinaalala dito ni Apostol Pablo sa mga Hebreo na kailangang nilang alalahanin ang bunga ng buhay ng kanilang mga pinuno, yaong mga nagsalita sa kanila ng Salita ng Dios at tularan ang kanilang buhay at ang paraan na sila'y nabuhay para sa Dios. **Ating alalahanin ang mga nagbigay sa atin ng Salita ng Dios at ating tularan ang kanilang buhay at kung paano sila'y lumakad kasama ng Dios at sinunod ang tawag ng Dios sa kanilang buhay. * Bilang mga pinuno ng simbahan kailangan nating gawin kung anong tama batay sa Kasulatan upang ang mga tao ay makinig at sumunod. Sa mga ayaw sumunod wala tayong magagawang bagay upang pasiyahin sila. Kailangan nilang sundin ang Kasulatan ang parehong paraan na ginagawa natin.*

Ngayon mula sa ganoon ipinapaliwanag sa atin ng Panginoon kung bakit ang simbahan sa Sardis ay patay, dahil sa kanilang mga kasalanan. Ang simbahang ito sa Sardis, ang mga kasapi ng simbahan ay nabubuhay sa kasalanan, at iyon ang nagdulot ng kamatayan, at walang pagsisisi at walang pagsaway at walang malapit na pagsubaybay mula sa mga pinuno sa mga kasapi. Ito ay kakaiba kaysa sa simbahan ng Tiatira kung saan ang mga guro doon ay mga bulaang mga guro bilang mga pinaka pinuno na naghihikayat sa mga kasapi at sinusuportahan sila upang patuloy na magkasala laban sa Dios, habang sa Sardis wala ni isa man ang bumubuo sa gawain ng Dios sa sakdal na paraan at harapin ang mga kasalanan. Ang kanilang mga pinuno ay hindi maingat, kampante, at walang alam tungkol sa pagdating na paghatol ng Dios.

***"Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo."*** Dito ay nagbababala si Jesus sa kanila na pagkatapos ng huling babalang ito, kung sila ay hindi magigising at simulang mangagpuyat at mangagmasid sa kanilang buhay at magsisi sa kanilang mga kasalanan, ang Panginoon ay paririyan upang hatulan sa hindi inaasahang panahon gaya ng nangyari sa Sodoma at Gomorra, gaya ng nangyari sa asawa ni Lot, at gaya ng nangyari sa mayamang lalaki sa ***Lucas 16.*** Ang paparating na paghatol ng Panginoon ay gaya ng pagdating mga magnanakaw sa gabi upang magnakaw habang ang mga tao ay natutulog, upang dalhin sa kanila ang paghatol na karapat-dapat sa kanila upang tanggapin sa hindi inaasahang panahon gaya ng pagdating ng magnanakaw dahil sila'y tumangging magsisi. Ito ang katulad sa sinulat ni Pablo sa mga taga-Tesalonica, ***"1 Datapuwa't tungkol sa mga kapanahunan at mga bahagi ng panahon, mga kapatid, hindi ninyo kailangan na isulat ko pa sa inyo ang anoman." (1 Tesalonica 5:1 KJV)*** *Si Jesus ay darating sa hindi inaasahang panahon upang hatulan ang masasamang umalis sa Kanya, na walang malasakit sa Kanya, at ginagawa ang sariling nilang buhay at namumuhay ayon sa kanilang kasiyahan.*

Ano ang mga kasalanan na naganap sa simbahan sa Sardis? Sa karagdagan sa mga kasalanan ng walang pagpapasalamat, walang katapan, katamaran, walang pag-iingat, pag-aantok, at kawalang-interes, magkakaroon tayo ng palantandaan para sa mga kasalanang ito kapag ipinaliwanag natin ang talata 4.

***"4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat." (Pahayag 3:4)*** Dito ang Panginong JesuCristo ay sinasabi sa simbahan ng Sardis, may ilan sa kanila ang may ilang mga pangalan, na maaring maging mabuting halimbawa sa kanila, sapagkat sila ay hindi nagkasala at hindi dinumihan ang kanilang mga damit ng mga kasalanan. Sila'y namumuhay sa kabanalan at walang kasalanan sa kanilang buhay. Sa katotohanan sila'y lumalakad kasama si Cristo. Sa ***Pahayag 14:4-5*** mababasa natin ang tungkol sa mga hindi dinungisan ang kanilang mga damit, ngunit patuloy na lumakad kasama ng Dios, at mula sa kanilang buhay magpapagtanto natin ang mga kasalanan sa Sardis***: "4 Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae; sapagka't sila'y mga malilinis. At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Cordero saan man siya pumaroon. Ang mga ito'y ang binili sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Cordero. 5 At sa kanikaniyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan: sila'y mga walang dungis." (Pahayag 14:4-5)*** Ang mga kasalanan na ginawa nila sa Sardis, at hindi nila pinanatiling dalisay ang kanilang sarili ay ang mga sumusunod:

1. ***Pakikiapid: "4 Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae; sapagka't sila'y mga malilinis."*** Sila'y malilinis. Muli tayo ay pinaalalahan ng pagtuturo ng mga Apostoles sa ***Mga Gawa 15*** at ang kanilang mga payo laban sa pakikiapid. Upang maging birhen ay hindi lamang para sa babae kundi pati na rin para sa mga lalaki. Ang kasalanan na nasa simbahan ng Sardis at hindi napag-usapan ay ang kasalanan ng pakikiapid, ang immoralidad sa mga hindi kasal. Muli inuulit ko, kailangan nating linisin ang ating sarili at ang ating simbahan mula sa panoggrapiya, kasintahang lalaki, kasintahang babae, paghihiwalay at pag-aasawang muli, maramihang pag-aasawa, pag-sasama ng hindi kasal, ang solong ina o solong ama na nag-asawa sa ibang kabiyak na hindi ama o ina ng kanya o kanyang mga anak.

2. ***Hindi handang sumunod kay Cristo: "At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Cordero saan man siya pumaroon."*** Ang simbahan sa Sardis ay gustong gawin ang kanilang pansarili, tuparin ang kanilang sariling kalooban. Hindi silang handang lumakad kasama ni Cristo. Sa katunayan may mga taong gustong sundin sila ni Cristo. Sa mga tapat sa Sardis ipininangako sa kanila ni Jesus, ***"at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi;"***, sapagkat sila'y nagagalak na lumakad kasama ni Cristo, gaya ni Noe at Abraham na lumakad kasama ng Dios.

3. ***Walang kadalisayan sa puso at sa kanilang dila: "At sa kanikaniyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan."*** Sila sa Sardis ay may masamang saloobin sa kanilang mga puso at at nadungisan ang kanilang mga bibig at nagdulot sa kanila na magsalita ng masasamang bagay, ***"18 Datapuwa't ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao. 19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong:" (Mateo 15:18-19)*** Kung ano ang lumalabas sa ating bibig ay nagmumula sa puso. Samakatuwid kailangan nating linisin ang ating puso na bumubuo sa lahat ng mga kasalanan na mababasa natin sa ***Mateo 15:18-19*** upang ang ating sasabihin ay walang kasinungalingan.

4. ***Sila'y tumangging isakatuparan kung ano ang tama at gawin ang gawain ng Dios dahil ginagawa nila ang sarili nilang kalooban:*** Tumanggi silang gawin ang matuwid na mga gawa ng Dios at tumanggi silang manindigan para sa Dios at mag-ebanghelyo at kilalanin Siya sa harap ng mga tao. Sa kabaligtaran ng mga tapat sa kanila: ***"4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat." (Pahayag 3:4 KJV)*** Narito, yaong nasa simbahan ng Sardis na hindi gumawa ng mali at tinupad kung ano ang tama, sila'y gagantimpalaan ng Panginoon. Ipinangako ng Panginoon sa kanila na sila'y lalakad kasama Niya nadadamitan ng maputing damit; ang maputing damit ay ang matuwid na gawa ng mga banal, ***"8 At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal. 9 At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios." (Pahayag 19:8-9)*** *Sila at tayo ay lalakad kasama ng Panginoon; ang katangiang ito nila at tayo ay lalakad kasama ng Panginoon at sumama sa Kanya, ay magtitiyak sa kanila at sa atin na gagawin nila at natin ang buong kalooban ng Dios. Poprotektahan tayo at ipagkakaloob nang maayos, gayundin sila at tayo ay dadalhin kasama ng Panginoon pagparito Niya at maligtas sa kapighatian at ang kanila at ang ating mga pangalan ay pananatilihing nakasulat sa aklat ng buhay.*

5. ***Hindi nila gustong mag-ebanghelyo at ipahayag si Cristo sa harap ng mga tao:*** Ang mga tao sa Sardis ayaw nilang mag-ebanghelyo at manindigan para sa pangalan ni Cristo na nasa Salita ng Dios. Kabaligtaran sa kanila ang ilan sa Sardis na karapat-dapat. Sila'y gagantimpalaan ng Panginoon at ipapahayag ni Jesus ang kanilang mga pangalan sa harap ng Dios ang Ama, bilang nais nilang mag-ebanghelyo at manindigan kasama ng Panginoon at sa Kanyang Salita: ***"32 Kaya't ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit. 37 Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:32, 37)*** Gaya ng ating tinalakay noon tungkol sa kahulugan ng karapat-dapat; sila'y karapat-dapat dahil pinahahalagahan nila ang Salita ng Dios, pinararangalan nila ang higit pa sa kanilang kaugnayan sa mga magulang o mga anak, at nanindigan para sa anumang halaga nito.

Sila'y namumuhay sa huwaran ng buhay na nais ng Dios na ipamuhay ng iba sa Sardis. Ang mga natitira na iyon sa loob ng simbahan sa Sardis ay mabuting halimbawa para sa iba upang sundin at mamuhay. Mayroong ilang mga simbahan kung saan nakikita mong ang mga pinuno ay hindi gumagawa ng mabuti, pabaya at walang halaga, ngunit makikita mo na may mga taong sa gayong mga simbahan ang mga tao ay sumusunod nang maayos sa Dios. Bakit? Sapagkat ang Panginoon ay tapat at dahil Siya ay tapat Palagi Siyang magtataglay ng mga saksi para sa Kanya upang makita ng mga tao para magawa at masundan nila. Sinasabi sa ***Mga Gawa 14:17*** na hindi pinabayaan ng Dios ang Kanyang sarili na walang saksi: ***"At gayon man ay hindi nagpabayang di nagbigay patotoo, tungkol sa kaniyang sarili, na gumawa ng mabuti at nagbigay sa inyo ng ulang galing sa langit at ng mga panahong sagana, na pinupuno ang inyong mga puso ng pagkain at ng katuwaan." (Mga Gawa 14:17)*** Pananatilihin ng Dios ang gayong mga saksi para sa Kanya na nariyan Siya at kailangan ng tao na makinig sa Dios. Kailangan nating mga mabubuting patotoo para sundin ng iba si Cristo at sundin ang Kanyang Salita.

***"5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." (Pahayag 3:5 KJV)*** Sila at tayo, na magtagumpay tatanggapin nila ang puting damit ng matuwid na mga gawa ng mga banal; ang kanilang mga pangalan at ang ating mga pangalan ay hindi papawiin mula sa aklat ng buhay at ipapahayag ni Jesus ang kanila at ating mga pangalan sa harapan ng Dios ang Ama at ng Kanyang mga anghel. ***"12 At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. 15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng***

***buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy." (Pahayag 20:12, 15 KJV)*** Kailangan nating maging may kamalayan na sa mga hindi magtagumpay at lumingon sa nakaraan at mamuhay sa kasalanan ang kanilang mga pangalan ay papawiin mula sa aklat ng buhay. May mga Kasulatan na nagsasabi na papawiin ng Dios mula sa aklat ng buhay. Ang ibig sabihin ng salitang papawiin ay itago, itago, takpan, paglaho, harangan, anino, o malabo.

Sinabi ng Dios ang sumusunod kay Moises nang ang Kanyang bayan ay nagkasala, kung paanong papawiin ang kanilang mga pangalan sa aklat ng buhay: ***"At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ang magkasala laban sa akin ay siya kong aalisin sa aking aklat." (Exodu 32:33 KJV) "Bayaan mo ako na aking lipulin sila, at aking pawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit; at gagawin kita na isang bansang lalong makapangyarihan at lalong malaki kay sa kanila." (Deutronomio 9:14 KJV)*** Sinabi ng Dios ang sumusunod laban sa tao na narinig ang Salita ng Dios ngunit tumangging magsisi, ***"20 Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit." (Deutronomio 29:20)***

Sa ***Pahayag 3:5*** binanggit dito, ***''Ang magtagumpay''*** *Paano sila at tayo ay magtatagumpay? Sa pamamagitan ng pamumuhay ng walang kasalanan, sa pagsisisi at sa huli, hanggang sa pagparito ni Cristo o hanggang ang ating buhay ay magtapos dito sa lupa, ng walang pakikiapid, ng walang imoralidad, ng walang katamaran, ng walang pag-iingat, ng walang pag-aantok, may dalisay na puso, ng may katapatan at pagpapasalamat, ng walang paggawa ng kanila o ng ating sariling kalooban at mga plano.* Magtatagumpay tayo, kung handa nating ipahayag at panindigan para sa pangalan ni Cristo sa harap ng mga tao, ***"Kaya't ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit." (Mateo 10:32)***

*Sila at tayo ay magtatagumpay sa paggawa ng gawain ng Dios ng may kasakdalan, sa pag-eebanghelyo, at sa pamamagitan ng pagiging isang mabuting saksi kagaya ni Lazaru na pinanatili ang kanyang kalagayan sa pintuan ng mayamang lalaki.* Suriin ang iyong sarili ngayon at tingnan, Ikaw ba ay isang mabuting patotoo at saksi para kay Cristo? Huwag ihambing ang iyong sarili sa opinyon o kung paano mo nakikita ang iyong sarili na inihahambing sa iba na nakapalibot sa iyo kundi kung ano ang ipinapakita ng Salita ng Dios sa iyo tungkol sa iyong sarili kung gayon gawin mo.

***Sa aking mahal at minamahal: "6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:6)*** *Bigyang-pansin natin ang mensahe ng Panginoon na ipinadala Niya sa atin upang magsisi at gumising, manariwa, upang italaga ang ating buhay muli para sa Panginoon na magpatuloy at maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban. Ihanda natin ang ating sarili at ang mga kasama natin sa ikalawang pagparito ng Panginoon.*

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na nagbabala sa akin at nagpapaalala sa akin ng iyong paghatol at tungkol sa iyong pagparito at iyon ay kailangan kong maging handa.*

*Talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan, katamaran, kawalang ingat, kawalan ng pangako, pinanatili ang iyong sarili na hindi dalisay, namumuhay sa imoralidad, hindi handang manindigan para sa Dios, at walang kagustuhang mag-ebanghelyo at pagiging masamang halimbawa sa iba, atbp. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan______________________________________________. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa istilo ng buhay na nais mong ipamuhay mo para sa akin. Upang mabuhay malayo sa kasalanan, at pumaroon at mag-ebanghelyo; Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na itakdang maging mabuting halimbawa sa iba na sa pamamagitan ko makikila ka ng mga tao at makita ka; ang daan papunta sa Langit.*

*Panginoon, ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita, at nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at handang mabuhay sa kabanalan at maging mabuting halimbawa sa iba hanggang ikaw ay pumarito upang kunin kami, Panginoon protektahan sila, ingatan sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon gamitin ang kanilang buhay upang ipangaral ang ebanghelyo at upang dalhin ang iba sa iyo.*

*Panginoon patnubayan kami at itaguyod kami bilang isang simbahan. Panginoon, paniwarain kaming muli at magkaisa sa iyong layunin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang Banal na Espiritu na kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, kami'y nanalangin na bigyang-daan kami upang magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa Kapayapaan ng Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong*

*Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa bundok Yugto 61. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Sardis Yugto 6. Sikapin na ang iyong pangalan ay hindi pawiin mula sa aklat ng buhay. Pahayag 3:1-6. Pahayag 2:5. Hebrew 13:7. 1 Tesalonica 5:1-3. Pahayag 14:4-5. Mateo 15:18-19. Pahayag 19:8-9. Mateo 10:32. Pahayag 20:12. Mga Gawa 14:17. Exodu 32:33. Deutronomio 9:14. Deutronomio 29:20.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com